## **Mga Balita** | Dateline Philippines



# Bumisita sa Pilipinas si Elder Holland

Bumisita sa Pilipinas sina Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol at Elder Tad R. Callister ng Panguluhan ng Korum ng Pitumpu noong 14-23 Oktubre 2011. Nagpunta ang mga general authority sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas upang mamuno sa mga , mga debosyonal at espesyal na pulong kasama ang mga misyonero at temple ordinance worker.

### San Fernando, La Union

Ni Sariah G. Ordinario

Nangulo si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawa sa isang Priesthood Leadership Conference sa San Fernando, La Union, Pilipinas, noong Oktubre 17, 2011. Pinulong niya ang mga stake, district, at mission presidency, mga branch president, at mga bishop na sakop ng Baguio Mission at Laoag Mission. Kasama niya sa pulong sina Elder Tad R. Callister ng Panguluhan ng Pitumpu, Elder Michael John U. Teh, Philippines Area President, Elder Abenir Pajaro at Elder Miguel Valdez, mga Area Seventy. Naroon din si President Moises Mabunga, ang Manila Temple president.

Sinimulan ni Elder Holland ang training sa pagsasabing, "Ang Simbahan ay nahaharap ngayon sa pinakamagandang problema sa mundo - iyon ay ang matatag, lubos, matibay, at di-maikakailang pag-unlad. Ito ay magpapatuloy at dapat magpatuloy sa



pag-unlad hanggang sa matapos ang gawain at dumating ang Tagapagligtas. Ang tanong ay, sa lahat ng pag-unlad na ito, paano namin malilibot at mapupuntahan kayong lahat? Sa kasalukuyan ay may halos 2,900 stake at 29,000 ward at branch. Napakarami nito at kung hihintayin ninyo ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa, mabibisita lang namin ang bawat stake nang minsan kada 29 na taon. Kaya nga nagpasiya kaming pagsama-samahin ang mga pulong na tulad nito para maging 4 ½ taon na lang ang agwat ng mga pagbisita namin sa halip na 29 na taon. Hindi namin mapupuntahan ang lahat ng miyembro, ngunit mapupulong namin kahit man lang ang mga pangunahing pinuno." Inulit ni Elder Holland ang sinabi ni Pangulong James E. Faust (1920-2007, Second Counselor in the First Presidency): " 'Mahalaga na ang mga taong mayhawak ng mga susi ay makaugnayan ang mga taong mayhawak ng mga susi' upang mapanatili ang komunikasyon sa pagitan ng Unang Panguluhan at ng mga pinuno ng Simbahan." ■



## Dagupan, Pangasinan

Ni Ryte Cruz Peralta

Noong Setyembre 3 at 4, nagsalita at nangulo si Elder Abenir Pajaro ng Area Seventy sa aming stake conference. Pagkaraan ng isang buwan, Oktubre 9 at 10, narinig namin ang mga mensahe ng mga propeta at iba pang mga pinuno ng simbahan nang panoorin namin ang satellite broadcast ng pangkalahatang kumperensya. At ngayon, mapalad kaming makasama sa araw na ito si Elder Tad R. Callister. Talagang mahal na mahal kami ng Panginoon kaya Niya kami binigyan ng mga pagkakataong ito na magpakabusog sa espirituwal," sabi ni Dagupan Stake President Greg A. Karganilla.

Noong Oktubre 16, nagsalita si Elder Callister sa isang espesyal na pulong sa araw ng Linggo na dinaluhan ng mahigit 700 miyembro ng Dagupan Philippines Stake. Kasama niya ang asawa niyang si Kathy at si Elder Miguel Valdez ng Area Seventy. Bago nagsimula ang pulong, naglibot si Elder Callister at kinamayan ang mga miyembrong naroon.

Kumanta ang youth at young single adult choir kaya lalo pang naging espirituwal ang pulong.

Sa kanyang mensahe, inihalintulad niya ang Simbahan sa isang gusaling perpekto ang pagkayari. Ipinaliwanag niya na dapat ay may plano ang isang gusali, isang "blue print" bago nila simulan ang pagtatayo. At tulad ng Simbahan ni Jesucristo, may blue print din ito na matatagpuan sa Bagong Tipan. Binanggit niya ang sulat ni Apostol Pablo sa Mga Taga Efeso 4:11--12, "At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro;



Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo." Ipinaliwanag niya na ang organisasyong ito ay mahalaga sa Simbahan. Sinabi pa niya na dapat ay may awtoridad sila mula sa Diyos. Isa pang bahagi ng blue print ang mga turo at paghahayag na tinatanggap ng kalalakihang ito mula sa Diyos. Ipinaliwanag niya na ang doktrina sa Simbahan ni Jesucristo ngayon ay kapareho ng doktrina sa Simbahan ni Jesucristo noong unang panahon.

Hinikayat din ni Elder Callister ang mga kabataan, lalo na ang mga lalaki, na magmisyon. Pinayuhan niya ang mga miyembro na laging ipamuhay ang ebanghelyo at pagpapalain sila ng Panginoon. Lubos ang pasasalamat ng mga miyembro na makasama si Elder Callister at marinig ang mensahe ng Panginoon sa pamamagitan niya at ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. ■

## Cebu City, Cebu
Ni Cynthia Uy-Fantone

Nangulo si Elder Jeffrey R. Holland sa dalawang fireside meeting na ginanap sa Cebu Temple Complex noong Oktubre 20, 2011. Tinulungan siya nina Elder Tad Callister at Elder Michael John U. Teh kasama ang kanilang mga asawa.

### FIRESIDE KASAMA ANG MGA FULL-TIME MISSIONARY SA PHILIPPINES CEBU

"Salamat sa inyong paglilingkod!" Ito ang panimulang bati ni Elder Holland upang iparating ang taos-pusong pasasalamat ng Mga Kapatid sa mahigit 90 full-time missionary na naglilingkod ngayon sa Cebu Mission. Sa tinig na puno ng pagmamahal at malasakit ng isang ama, ipinaalala ni Elder Holland sa mga full-time missionary na laging manindigan sa kanilang mga pamantayan. "Kapag nagmisyon kayo ginagawa namin ang lahat para tulungan kayong lumago kaagad sa espirituwal at isa na rito ang pagpasok ninyo sa templo. Bawat tulong, biyaya, pagpapala ng Ama sa Langit ay makakamtan na ninyo para tulungan kayo sa inyong misyon." Sabi pa ni Elder Holland, "Hindi namin inihihingi ng paumanhin ang inyong edad at ang inaasahan naming gagawin ninyo. Kayo ang Joseph Smith, David, Samuel Smith at Kapitan Moroni sa inyong panahon."

*"Kayo ang sugo ni Cristo. Magturo nang may kapangyarihan, magturo nang may awtoridad. Kailangan kayong manalig at maging masunurin dahil ito ang Simbahan ng Panginoon."*

Ibinahagi ni Elder Holland kung paano ginawa ang Mangaral ng Aking Ebanghelyo. Sabi niya, "Ang Mangaral ng Aking Ebanghelyo ay nilayong tulungan ang mga misyonero na matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo ayon sa mga dikta ng Espiritu. Hindi na magsasaulo, hindi na planado ang mga sagot kundi magtuturo na lang mula sa Espiritu." Ayon kay Elder Holland, ang responsibilidad







*"Bawat isa sa inyo ay mahalaga at nakalulungkot kung hindi ninyo alam ito. Tayo ay abalang-abala sa lahat ng walang-kabuluhang bagay sa ating buhay gayong ang dapat nating pagkaabalahan ay ang dapat nating kahinatnan. Dapat ninyong makita ang kabanalang nasa inyo. Lahat tayo ay maaaring maging diyos."*

na ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo sa mga investigator ay nangangailangan ng mas mahuhusay na misyonero nang higit kaysa rati. "Kilalanin ang inyong tinuturuan, alamin ang kailangan nila at maghanda alinsunod dito." At nagtapos siya sa mga salitang ito, "Kayo ang sugo ni Cristo. Magturo nang may kapangyarihan, magturo nang may awtoridad. Kailangan kayong manalig at maging masunurin dahil ito ang Simbahan ng Panginoon. Ito ang Kanyang gawain at dapat ninyong gawin ito ayon sa Kanyang mga paraan. Kung may sinuman sa inyo na nanghihina ang patotoo, manangan sa aking patotoo. At kapag napalakas na ninyo ang sarili ninyong patotoo ay ipakita ang lakas ng inyong paniniwala sa inyong mata, tinig, at puso. Ito ang magdadala sa mga investigator sa dapat nilang kahinatnan -- maging mga taong gumagawa at tumutupad ng mga tipan. "

**FIRESIDE KASAMA ANG MGA YOUNG SINGLE ADULT**

"Mga bata pa kayo. Wala kayong asawa. Ngunit ang mas mahalaga kayo ay nasa hustong gulang na!" pagsisimula ni Elder Holland nang magsalita siya sa mga young single adult mula sa iba't ibang stake. Nagbibigay-diin sa patuloy na pag-unlad, ipinayo niya na lahat ng may ebanghelyo sa kanilang buhay ay dapat umunlad sa hamon ng Panginoon at hindi bumagsak sa mga pangaakit ng mundo.

Nagsimula ang kaganapan sa bahaging tanong at sagot na tapatang sinagot ni Elder Holland. Isang binata ang nagtanong kung kailan dapat mag-asawa ang isang returned missionary na sinagot ni Elder Holland ng, "Anumang makakatulong sa iyo na umunlad sa Ebanghelyo, iyan ang dapat mong gawin. Ang kasal sa templo ay malaking bahagi ng pag-unlad na iyan. Ang pagaasawa ay walang kinalaman sa pera kundi sa pananampalataya." Nagpatuloy siya sa pagpapayo sa mga nakikinig na makibahagi at sumulong at kumilos bilang mga adult. "Maging uri ng tao na dapat ninyong kahinatnan. Mahalaga kayo. Huwag kumilos na parang bata kundi maging responsable."

May isa pang nagtanong tungkol sa kalayaan at ang kaugnayan nito sa kalayaan nating pumili ng mga magulang dito sa mundo. Itinanong iyon ng isang bagong miyembro na ang mga magulang ay hindi pa tinatanggap ang ebanghelyo at nang patayuin siya ni Elder Holland, ganito ang sinabi niya bilang propeta, "Tungkol sa pagpili ng ating mga magulang, paano mo nalaman na hindi natin pinili ang ating mga magulang sa mundong ito? Paano mo nalaman na hindi ka nagboluntaryo na ikaw ang maghahatid ng ebanghelyo sa mga magulang mong hindi miyembro? Kung may naaalala tayong ginawa natin bago tayo isinilang sa mundo, baka mas mapagmalaki tayo kaysa sa tingin natin ngayon sa ating sarili."

Sa pagtatapos ng mensahe ni Elder Holland, nag-iwan siya ng matinding hamon sa mga nakikinig. Sabi niya, "Bawat isa sa inyo ay mahalaga at nakalulungkot kung hindi ninyo alam ito. Tayo ay abalang-abala sa lahat ng walang-kabuluhang bagay sa ating buhay gayong ang dapat nating pagkaabalahan ay ang dapat nating kahinatnan. Dapat ninyong makita ang kabanalang nasa inyo. Lahat tayo ay maaaring maging diyos." ■



# Feedback mula sa mga Nakikinig

## FIRESIDE PARA SA MGA FULL-TIME MISSIONARY SA CEBU

"Nagpapasalamat akong mapaalalahanan ng isang apostol ng Panginoon na tunay ngang bilang full-time missionary ay obligasyon kong tulungan ang mga anak ng Diyos na maihatid sa mga tubig ng binyag at maisagawa ang gawain ng Panginoon na isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng ating mga kapatid." - Elder Galvez, Mandaue 2nd Ward

"Ang fireside ay magandang paalala sa akin na patuloy na anyayahan ang Espiritu sa pagtuturo namin ng Ebanghelyo sa mga investigator. Nabigyang-inspirasyon ako ng mensahe ni Elder Holland na magtamo at magkaroon ng mas malakas at mas malalim na patotoo sa gawain ng Panginoon." - Elder Doncillo , Tanjay District

"Pagkatapos ng fireside, lalo kong minahal ang Panginoon at mas hinangadng maging masunurin, magsipag at gawin ang lahat ng makakaya ko sa gawaing misyonero."- Elder Straley, Bacong Branch

-

"Ang mensahe ni Elder Holland ay nagpapaalab ng hangarin kong ibahagi ang Ebanghelyo sa maraming investigator na makikinig. Nagpapasalamat ako sa paalala na laging panibaguhin ang aking pangako bilang full-time missionary at patuloy na palakasin ang aking patotoo." - Sister Gonzaga, Lapu Lapu 2nd Ward

"Nagpapasalamat ako sa mensahe ng isang apostol ng Panginoon na nagpatindi sa hangarin kong turuan ang lahat anuman ang sitwasyon nila sa buhay. Nauunawaan ko na ngayon na bilang mga lingkod ni Cristo, atin ang buong responsibilidad na iangat ang ating mga investigator mula sa kanilang kinalalagyan ngayon patungo sa dapat nilang kahinatnan."- Sister Patombon, Mabolo Ward

## YSA FIRESIDE

"Magandang mapaalalahanan na may responsibilidad akong manindigan sa aking pananampalataya na tulad ni Abinadi. Bilang young single adult kailangan kong umunlad sa espirituwal sa hindi pabagu-bagong paraan." - Schilla Montera, Mandaue Stake

"Palagay ko panahon na para sumulong. Ang mensahe ni Elder Holland ay makapangyarihan at nakahihikayat." - Reydonoel Medio, Liloan Stake

"Muli akong napaalalahanan na isa ako sa magigiting na Espiritu bago ako isinilang at dapat iyang makatulong sa akin na manatiling matatag. Ibinahagi ni Elder Holland ang mensaheng kailangan kong marinig."- Russel Patalinghug, Cebu City Stake

"Alam ko na ngayon na kailangang mas mabilis na humusto ang aking isipan at patuloy na sundin ang payo ng mga lider. Kailangan kong maging mas mabuting halimbawa sa iba pang mga young single adult." - Michael Jay Awe, Danao 2nd Branch

"Nakatulong sa akin ang mensahe ni Elder Holland na maunawaan kung gaano ako kahalaga sa paningin ng Diyos. Na mahalaga ako. Dapat kong pagsumikapang makita ang kabanalang nasa akin."- Kickson J. Mallapre , Danao 1st Ward

"Sa mensahe ni Elder Holland natuto akong huwag sumuko kailanman anuman ang mangyari. Maaasahan ako ng Panginoon sa pagpapalaganap ng Kanyang gawain sa Mundo! - Jessie Adlaon Jr. , Baclayon Tagbilaran Stake

**Mga litrato kuha nina:**
Noel Maglaque
Edwin Redrino
Daniel Gonzaga
Felvir Ordinario
Ryte Peralta

## Bataan

Ni Ma. Teresa C. Pangilinan

Mga 800 banal ang dumalo sa espesyal na stake meeting sa Bataan noong Oktubre 23, 2011. Puno ng mga miyembro at investigator ang stake center. Nakatayo pa nang ilang oras sa labas ang ilan para saksihan ang bihirang sandaling ito na makasama ang isang apostol ng Panginoon.

Nakasentro ang mensahe ni Elder Holland sa mga kabataan at young adult. Nanawagan siya sa mga may edad 12 hanggang 22 na ilaan ang sampung taon ng kanilang buhay—ang ikapu ng kanilang buhay.

**EDAD 12 HANGGANG 17 (ANG MGA UNANG TAON)**

Pinayuhan niya sila na ipangako ang sampung taon ng kanilang buhay. Una niyang binigyang-diin na hindi dapat makipag-deyt hangga't wala pa kayong 16 anyos. Ang pagkakaibigan ay isang seryosong bagay na hahantong sa paggawa ninyo ng ginagawa ng iba. Ang mga kabarkada, kung hindi piniling mabuti, ay iimpluwensyahan kayong maging imoral.

Ang mga aktibidad sa paaralan at simbahan ay malaki rin ang impluwensya. Mahalaga ang papel na gagampanan ng mga magulang at lider. Sila ang mga humuhubog at nangangalaga—mga unang nagtuturo.

Sinabihan niya ang mga kabataan na huwag mawalan ng pasensya sa mga usaping kinasasangkutan nila. Pinayuhan silang lumayo sa imoralidad.

**EDAD 18 HANGGANG 19 (EDAD PARA MAGMISYON)**

Sinabi niya na dapat mag-full-time mission ang mga kabataang lalaki. "Inaasahan kong magmimisyon kayo. Ako ay isang propeta ng Panginoon. Sinasabi kong humayo kayo, kung hindi kayo hahayo, winawalang-halaga ninyo ang gawain ng Panginoon." Hinimok din ang mga kabataang babae. "Hindi lang kayo (mga kabataang babae) kinakailangang magmisyon kung makatagpo kayo ng isang guwapo at karapat-dapat na binata," sabi ni Elder Holland.

Ikinuwento niya na noong nagdedeyt sila ni Sister Holland, naalala niyang sinabi ni Sister Holland, "Jeffrey, gusto kong magmisyon ka." Pinuri niya ang kanyang asawa na ipinaunawa nito sa kanya ang kahalagahan ng pagmimisyon.

Ikinuwento niya na wala siyang mapagtanungan tungkol sa full-time mission dahil siya lamang ang misyonero sa kanyang pamilya noon. Masyado silang maralita at hihinto na sana siya sa pag-aaral ngunit tinulutan siya ng Diyos na makapagmisyon. "Ibinigay sa akin ng misyon ko ang lahat--ang walang katapusan at walang-hanggang ebanghelyo." Pinayuhan niya ang mga kabataang lalaki na huwag talikuran ang kanilang pagmimisyon at hayaang gabayan sila ng Espiritu sa pagpapaibayo ng kanilang kabutihan, pananalig at pananampalataya.

Ipinaliwanag niya na narito ang mga miyembro upang gamitin ang lahat ng kaloob na ibinigay ng Panginoon, lalo na ang mga kabataan. "Sapagkat ano ang kapakinabangan ng tao kung ang isang handog ay ipinagkaloob sa kanya, at hindi niya tinanggap ang handog? Masdan, hindi siya nagsasaya sa yaong ibinigay sa kanya, ni nasisiyahan sa kanya ang siyang nagkaloob ng handog"(D at T 88:33).

"Ang Diyos kailanman ay hindi umiidlip ni natutulog, sa buong buhay Niya ay humahanap Siya ng mga paraan para pagpalain tayo. Huwag nating pasamain ang Kanyang loob."

**EDAD 22 (ANG HULING TAON NG PANGAKO)**

Ipinaalala niya sa mga kabataan na pagkatapos ng kanilang misyon ay makakamtan nila ang mas dakilang kaloob na natatanggap sa templo kasama ang pinili nilang walang-hanggang kabiyak. "Ginawa na ng Simbahan ang lahat para sa inyo, at habang nabubuhay kayo ay patuloy namin kayong gagabayan,"ngunit pagkaraan ng unang 10 taon na iyon, nagsasarili na kayo ngayon. Ngunit yaong mga lubhang huli nang nagbabago sa kanilang buhay, laging nariyan ang pagsisisi. "Kung ginawa na ninyo iyan nang tapat



sa loob ng 10 taon, hindi kami mag-aalala sa inyo," sabi pa ni Elder Holland.

Sa pagtatapos ng kanyang mensahe, nagbigay siya ng basbas ng isang apostol sa lahat ng naroon. Nagbigay siya ng kapanatagan sa mga dumaranas ng mga pagsubok. Pinayuhan niya ang kalalakihan na igalang ang kanilang priesthood. Para masunod ang halimbawa ng Tagapagligtas, maging higit na katulad Niya, tahakin ang landas na tinahak Niya, magsalita at maging matatag na katulad niya para maging mas mabubuti silang ama sa kanilang mga anak. Dapat ay pantay ang trato sa kababaihan at pumanig ang kalalakihan sa kanilang mga asawa. Pinayuhan niya ang mga kabataan na huwag pumanig sa mali at panatilihing malinis ang puri.

Binasbasan din niya ang mga sanggol, nalulungkot, maysakit, yaong mga nagdadalamhati, nais mag-asawa, at hiwalay sa asawa. Sinabi niya na ang Diyos ay kanilang ama. Siya rin yaong nagligtas sa inyo.

Nagpatotoo si Elder Holland na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak na aklat sa mundo, na si Pangulong Thomas S. Monson ay isang propeta ng Diyos. Sinabi niya na ito ang ating tadhana. "Mga kabataan manatili rito. Huwag mangahas na lisanin ito," pagtatapos ni Elder Holland. ■

## Debosyonal Kasama ang mga Ordinance Worker sa Manila Temple

Ni Arvin James Despuig







Noong gabi ng Oktubre 16, 2011, nagdaos ng espesyal na debosyonal si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol para sa mga temple ordinance worker sa Manila Philippines Temple. Kasama niya sina Elder Tad R. Callister, Sister Kathy Callister, Philippines Area President Elder Michael John U. Teh at ang Manila Temple Presidency.

Ginunita ni Elder Teh ang panahon na naglilingkod pa siya bilang Manila Temple Recorder at pinayuhan ang mga Banal na hindi nila dapat balewalain ang templo at dapat sikapin ng mga miyembro ng Simbahan na maging dalisay ang kanilang puso sa paggawa nila sa bahay ng Panginoon.

Pagkatapos ay nagsalita si Elder Callister sa kongregasyon at sinabi sa kanila na nababanaag ang kabanalan sa mga Pilipinong Banal. Naalala rin niya ang panahon na naglilingkod din siya bilang temple ordinance worker. "Ang mga panahong iyon ang pinakamagagandang sandali sa aking buhay," wika niya.

"Lahat ng templo ay maganda," dagdag pa ni Sister Callister.

Naghatid ng maganda at nakaaantig na mensahe si Elder Holland tungkol sa kahalagahan ng templo sa buhay ng mga ordinance worker at miyembro ng Simbahan. Nagbigay siya ng tatlong bagay na kailangan nating tandaan upang maging mas makahulugan ang paglilingkod natin sa templo.

Una ay na ang mismong katotohanan na naglilingkod kayo sa templo ay sagrado. Itinuro ni Elder Holland na kailangang ituro ang mga tamang alituntunin, ngunit dapat nating tandaan na huwag tayong magmalabis at manatiling mapitagan. Dapat tayong manatiling mapagpakumbaba sa paglilingkod natin sa mga tao at dapat tayong magpakabait kapag nasa loob tayo ng templo.

Pangalawa ay na "kapag mahirap ang buhay, lahat tayo ay nagpupunta sa templo." Pinayuhan ang mga temple ordinance worker na kailangan nilang malugod na tanggapin ang mga tao sa templo at masigasig silang tulungang mapalapit sa Diyos.

Pangatlo ay na lahat ng bagay sa templo ay simboliko at na para maunawaan at maipamuhay natin ito, dapat tayong manatiling karapat-dapat. "Piliin nating mapagkalooban sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga pagpapala ng templo," payo ni Elder Holland.

"Kung tatandaan lamang ninyo, na ito [ang templo] ang opisyal na tunay na bahay ng Panginoon, sa pamamagitan ng paglalaan at [sa pamamagitan ng] priesthood at iniatas mula sa itaas," dagdag pa niya.

Nagtapos si Elder Holland sa pagbibigay ng pangako bilang apostol: "Mabigo man ang lahat ng iba pa, hinding-hindi mabibigo ang pagbabayad-sala."■

## Debosyonal sa Missionary Training Center

Ni Gelene Tobias

"Tayo ay kasapi hangga't may tunggali; O kaysaya! O kaysaya! Mga kawal, may nakalaang tagumpay; At ito'y ating makakamtan!" ("Tayo ay Kasapi, Mga Himno," p. 152)

Umalingawngaw ang tinig ng mga misyonero mula sa iba't ibang bansa sa Asia sa malaking silid ng Philippines Missionary Training Center nang kumanta sila sa debosyonal na pinamunuan ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol noong 19 Oktubre 2011.

Sinimulan ni Elder Holland ang kanyang mensahe sa paglalahad kung paano lubhang nagbago ang kanyang buhay sa dalawang taon niyang karanasan sa misyon noong siya ay binata pa. "Nakarating na ako sa iba't ibang panig ng mundo, ngunit walang binata saanman sa mundo na naapektuhan ng kanyang misyon nang higit kaysa akin. Sa loob ng 24 na buwan, lahat ng bagay sa buhay ko ay hinubog at ginabayan. Tila ba lagi kong naiisip ang misyon ko araw-araw sa loob ng 49 na taon, isang buwan at dalawang linggo," pahayag niya.

Binigyang-diin ni Elder Holland sa mga misyonero na mababago nila ang mundo nang minsan sa buhay nila at hindi na sila muling magkakaroon ng ganitong pagkakataon. Kaya nga dapat nilang ilaan sa Panginoon ang bawat oras na gising sila.

"Ang ginagawa ninyo ang pinakamahalagang bagay sa buong kawalang-hanggan--ang kaligtasan ng kaluluwa ng tao. Ibig sabihin, wala nang mas mahalaga pa. Bilisan ninyo ang paglago! Agad magpakahusay! Hinihiling namin na gampanan ninyo ang inyong tungkulin. Manindigan sa edad na 19 o 21 --harapin at gampanan ang inyong tungkulin!" tahasan niyang sinabi.

Bago makabahagi sa proseso ng pagbabago ng ibang tao ang isang misyonero, binigyang-diin din ni Elder Holland na ang unang investigator ng misyonero ay ang kanyang sarili. "Maipapangako ko na maigigiit ko na mas mainam na ang isang convert sa inyong misyon ay ang inyong sarili. Huwag ninyong gaanong alalahanin ang pagbabago ng ibang tao. Alalahanin muna ninyo ang sarili ninyong pagbabago--dahil lahat ng iba pang bagay na gagawin ninyo ay nakasalalay rito," wika niya.



Bukod pa rito, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagsunod sa Missionary Handbook. Ito ang hanbuk ng kalayaan at hanbuk tungo sa kaligayahan. "Bakit ang missionary handbook? Kung gusto ninyong ito ang maging Simbahan ninyo, gumawa kayo ng sarili ninyong hanbuk. Sarili ninyong mga tuntunin! [Ngunit ito] ay gawain ng Diyos [kaya] gawin ito sa paraan ng Diyos. Gawin ito sa gayong paraan o huwag na itong gawin pa. Dapat na itong pagpasiyahan ngayon mismo—at magpakailanman! May 180 taon ng pag-aaral kung paano gawin ang gawaing misyonero; dalawang siglo ng karanasan sa mga pahinang iyon," sabi pa niya.

Bukod dito, ipinaalala pa ni Elder Holland sa mga misyonero ang kanilang sagradong tungkulin at ang kapangyarihan at awtoridad na taglay nila. "Ang meyor, presidente, parliament sheriff, batalyon, ay wala ni katiting ng awtoridad na iyan. Kumilos na para bang malaking tao kayo dahil gayon talaga kayo! Hindi kayo tatakutin," wika niya.

Tinapos ni Elder Holland ang kanyang mensahe sa malakas na patotoo na sinasabing, "Hindi ko lilibutin ang buong mundo at ilalaan ang aking buhay sa paglalahad ng mga kuwentong kathang-isip lamang [o isang] kuwentong puno ng kasinungalingan! Hindi tayo nagbibiro. Hindi natin ito ginagawa dahil hangal tayo. Ginagawa natin ito sa isang simpleng dahilan—dahil ito ang katotohanan ng Diyos."

Pagkatapos ng dalawang taon o 18 buwang paglilingkod ng mga misyonero, hinikayat sila ni Elder Holland na manatiling aktibo. "Kung may makita akong returned missionary na hindi na aktibo, [ito ang sasabihin ko sa kanya-] Ang lakas ng loob mo! Ang lakas ng loob mong gawin ang ginawa mo at umuwi at tumalikod," mariin niyang sinabi. Hinimok niya silang umuwi at ipadala ang [kanilang] mga apo para gawin ang Gawaing ito.

"Lahat ng mayroon ako ay dahil sa Ebanghelyo. Humayo at ibahagi ito at babalik ito sa inyo---babalik sa inyo, habang nabubuhay kayo. Inilagak namin ang pinakamahalagang institusyon ng mundong ito sa inyong mga kamay, " pagtatapos niya.

Pagkatapos ng magandang debosyonal, napuspos ng Espiritu ang mga misyonero at nasandatahan ng makapangyarihang mga salita ng isang apostol. Naroon din sa pulong si Elder Ian S. Ardern, pangalawang tagapayo ng Philippines Area Presidency at ang kanyang asawa.■